

TOMO XI - ISYU 2 HULYO-SETYEMBRE 2024

EDITORYAL

Padagundungin ang pakikibakang masa laban sa papet, pahirap, korap at pasistang rehimeng US-Marcos II!



Niyayanig ng matinding krisis pang-ekonomya't pampulitika ang naghaharing sistema.

Ang matinding krisis pang-ekonomya dulot ng walang katapusang pagkagahaman ng imperyalismong US, mga lokal na naghaharing uring kumprador-panginoong maylupa at mga burukrata kapitalista ay nagtulak sa pagkawasak ng alyansang Marcos-Duterte.

Ang parehong pampulitikang dinastiyang ito ang mga pinakasagad-saring naghaharing uri sa lipunang Pilipino ngayon. Sila ang pinakamasahol na mukha ng burukrata kapitalismo--mga papet ng US na ginagamit ang pusisyon sa gubyerno upang magkamal ng lupa, yaman, kapital sa negosyo at kapangyarihan habang nililinlang at sinusupil ang malawak na mamamayan na nakikibaka para sa kanilang pambansang kalayaan at demokrasya.

Asahang magpapatuloy ang pang-uupat ng mga Marcos upang tuluyang ibagsak ang karibal nitong pamilyang Duterte gamit ang di-maitatagong krimen ng huli laban sa sambayanan tulad ng mga krimen sa madugong "gera kontra-droga" at mga kinurakot ni Sara Duterte na Confidential and Intelligence Fund (CIF). Hindi malayong tumungo sa lantarang komprontasyon at umalagwa patungong madugong sigalot ang banggaan lalo't nanatili ang impluwensya ng mga Duterte sa militar at pulis na binusog ng matandang Duterte sa taas-sahod, pensyon at korapsyon noong siya pa ang pangulo.

Samantala, ang lubusang pagpapakatuta ni Ferdinand Marcos Jr. sa imperyalismong US ang garantiya ng pananatili niya sa poder. Alam ni Marcos Jr. na hangga't kapaki-pakinabang siya sa US, pahihintulutan nito ang paghahari ng kanyang angkan at mananatili sa kanyang kamay ang dinambong na pondo ng bayan at mga negosyo't ari-arian sa loob at labas ng Pilipinas. Sunod-sunod din ang pagpapabasura sa mga kaso laban sa mga Marcos na ang pinakahuli ay ang pitong kaso na naabswelto sila at nabawi ang di bababa sa ₱202.1 bilyong ninakaw na pondo ng bayan. Gumagatong sa banggaang Marcos-Duterte ang kagustuhan ng US na



gipitin ang mga Duterte na nagsisilbing piyon ng China sa bansa. Habang binabatikos si Sara Duterte sa paggamit sa CIF, hahawakan naman ni Marcos Jr. ang ₱10 bilyon CIF, ₱156 bilyong di programadong pondo at ₱1.89 trilyong pondo para sa "ispesyal na layunin" mula sa pambansang badyet sa 2025. Dagdag pa rito ang ₱550 bilyong Maharlika Investment Fund.

Sa gitna ng banggaan ng mga Marcos at Duterte, dumaranas ng ibayong pagdurusa ang masang Pilipino. Mas mabilis ngayong dumadausdos ang antas ng pamumuhay ng mamamayan. Dumarami ang nagdarahop at nagugutom dahil hindi na makahabol ang kita sa araw-araw na pangangailangan.

Ang maka-imperyalista't anti-mamamayang neoliberal na patakarang ipinapataw ng rehimeng US-Marcos II ay lalong nagsasadlak sa Pilipinas sa kronikong krisis sa ekonomya. Tampok ang Rice Tarriffication Law na pumapatay sa lokal na produksyon ng bigas at dahilan upang maging numero unong tagaangkat ng bigas ang Pilipinas sa buong mundo. Pinalubha pa ito ng inilabas na Executive Order 60 na lalong nagpaliit sa taripa ng imported na bigas mula 35% tungong 20% na lamang. Hindi pa nakuntento, iniraratsada ngayon sa Senado ang agarang pagpasa sa Agriculture Tarrification Bill na magpapalawak ng saklaw ng pag-import hindi lang sa bigas kundi sa lahat ng produktong agrikultural.

Ang Mindoro, bilang food basket ng MIMAROPA ay labis pa sa sapat para sa sariling konsumo ang produksyon. Pangunahin dito ang palay, mais, gulay, prutas, saging, asin, niyog, at iba pa. Kaya tinagurian din ang Mindoro na Banana King, Calamansi King, at Salt Capital ng Pilipinas. Subalit nagugutom at naghihirap ang kalakhan ng mamamayan laluna ang masang anakpawis na lumilikha ng mga pagkaing ito. Apektado nang husto ng mga neoliberal na patakaran ang 90% ng populasyon ng Mindoro na nakaasa sa agrikultura.

Itinakda ng Department of Labor and Employment ang ₱369-P395 bilang minimum wage. Gayunman, hindi ito sinusunod dahil ₱200-350 lamang ang karaniwang sahod sa dalawang prubinsya ng Mindoro. Sa mga prutasan at tubigan lamang sa sentral at norte ng Oriental Mindoro tumatanggap ng aabot sa ₱400- P450 ang manggagawang bukid. Ganunpaman, lubhang malayo ito sa P1, 213 na istandard family living wage sa MIMAROPA o ibig sabihi'y halagang kailangan sa isang araw ng limang kataong pamilya para mabuhay nang disente. Sa harap ng walang awat na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, hindi naman mahagilap ang mga ipinangakong bagong likhang trabaho at taas-sahod para sa mga Pilipino.

Walang dekalidad at abot-kayang serbisyong pangkalusugan, pang-edukasyon, pabahay, pampublikong transportasyon at ibang serbisyong panlipunan dahil matagal na itong ginawang pribadong negosyo. Sa isla, deka-dekada nang prebilihiyo ang pag-aaral at pagpapa-ospital. Maliit ang kapasidad ng mga state universities and colleges (SUC's) dahil sa kakulangan ng pondo na tinapyasan pa sa pagpasok ng 2025. Samantalang ang PhilHealth na ipinagmamayabang ng rehimeng Marcos Jr. na diumano'y para sa libreng serbisyong pangkalusugan ay palpak at hindi maaasahan.

Dagdag pasakit din sa mamamayan--laluna sa mga magsasaka sa kanayunan--ang sukdulang pag-abandona ng gubyerno sa kanila sa harap ng sunod-sunod na mga sakuna at kalamidad. Nitong nakaraang mga buwan, naranasan sa Mindoro ang matitinding bagyo at pagbaha na lalo pang nagbaon sa mga magsasaka sa karukhaan. Mula pa 2019, hindi na nakabangon ang magsasakang Mindoreño sa mga kalamidad, pagkalugi, at pagkabaon sa utang. Dumagan na naman ang panibagong pasanin ng pagbahang hatid ng Habagat matapos ang pananalasa ng El Niño. Subalit walang pangmatagalang solusyon ang reaksyunaryong gubyerno para sa sustenableng produksyon sa harap ng krisis sa klima.

Madilim na madilim ang kinabukasan ng sambayanan sa ilalim ng bulok na rehimeng US-Marcos II. Isang kalamidad na walang katapusang humahagupit sa mamamayan ang mismong pagkakaupo sa kapangyarihan na rehimen ni Marcos Jr. na siyang naggigiit sa kasinungalingang pinapawi ng mga batas at programa nito ang kahirapan gamit ang kung ano-anong dinoktor na datos.

Tanging sa pagdaluyong ng mga pakikibakang masa makapag-iipon ng lakas ang sambayanan upang singilin ang mga garapal na burukrata kapitalistang responsable para sa mga anti-mamamayang batas at pinakamasahol na korapsyon. Sa pakikibakang masa maigigiit ng mamamayan ang kanilang mga batayang karapatan sa lupa, taas-sahod, kontrol sa presyo ng bilihin, serbisyong panlipunan, disenteng trabaho, karapatang mag-unyon at mag-organisa at iba pang karapatan. Ang malakas na kilusang masa rin ang may kakayahang palalimin ang bitak ng nagbabangayang

NILALAMAN



Editoryal	1
Pag-atake ng 203rd Brigade, binigo ng BHB Mindoro	3
State of calamity, idineklara	4
Inutil ang BDP ng NTF-ELCAC	4
Panibagong kaso ng Terror Law sa Mindoro	7
Bantay Karapatan	7
Mga Kwento ni Ka Madaay	9
NDFP Mindoro Bulletin	11
Kultura	13
Patungkab at Pugakang	15

naghaharing uri upang kabigin ang naliliwanagan at saka maihiwalay, mapahina at maibagsak ang pinakasagad-sarin, pinaka-despotiko, pinakagarapal na paksyon ng naghaharing uri.

Dapat gawin ang lahat ng makakaya upang padagundungin ang mga pang-ekonomya at pampulitikang kahilingan ng uring anakpawis at iba pang aping sektor. Partikular sa mga magsasaka at katutubo, isulong ang rebolusyong agraryo (RA) na lulutas sa kawalan at kakulangan ng lupa. Sa paglakas ng rebolusyonaryong pwersa, kukumpiskahin ang lupa mula sa mga komprador-panginoong maylupa at libreng ipamamahagi ito sa mga magsasakang wala at kulang sa lupa. Minimum na layunin nitong ibaba ang upa sa lupa, pababain hanggang ganap na pawiin ang usura, pataasin ang sahod ng manggagawang bukid at presyo ng produktong bukid, pababain ang presyo ng mga kagamitan sa pagsasaka, at itayo ang kooperasyon sa hanay ng mga magsasaka. Dapat buuin ang pinakamalawak na pagkakabuklod ng mga progresibo at demokratikong pwersa upang labanan ang kabulukan at tiraniya sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II.

Kailangang iturol ang paglaban sa ugat ng kahirapan at kaapihan na dinaranas ng sambayanang Pilipino: ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo. May malaking tungkulin ang mga pwersa ng rebolusyon sa mabilis, mahusay at malawakang propaganda at edukasyon na magpapaliwanag sa masa na tanging demokratikong rebolusyong bayan ang lulutas sa problema ng bayan.

Higit sa lahat, kailangang palakasin ang armadong paglaban ng mamamayan sa pamamagitan ng pagpaparami at pagpapalakas sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Kung wala ang BHB, walang anuman ang mamamayan. Ang laksang kilusang masa ay magluluwal ng mas maraming mandirigma na sasampa sa Hukbong Bayan nang sa gayo'y magawa nito ang tungkuling durugin ang kaaway at agawin ang kapangyarihang pampulitika upang makamit ng sambayanan ang pambansang kalayaan at demokrasya.

BALITANG TO

Pag-atake ng 203rd Brigade, binigo ng BHB Mindoro

Aktibong nakapag-depensa ang isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro laban sa umaatakeng tropa ng 203rd Infantry Brigade (IBde) noong Hulyo 11, bandang 6:05 ng umaga. Naganap ang labanan sa Sityo Lukban, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro.

Nagtamo ng kaswalti ang umatakeng pwersa ng 203rd IBde kabilang ang tatlong patay at hindi bababa sa limang sugatan. Ligtas namang nakaatras ang mga Pulang mandirigma. Sa sumunod na paghahabol sa yunit ng LdGC, gumamit ng Black Hawk helicopter at dalawang heligunship ang 203rd IBde. Kasabay nito ang pag-alpas sa siyam na kolum ng kanyang mga tropa upang tugisin ang napalaban na yunit ng BHB. Wala nang inabot ang pursuit operations ng kaaway.

Samantala, ibinuhos ang pagngingitngit ng talunang tropa ng AFP sa mga sibilyan. Ilang araw na pinagbawalan ang mga residente na lumabas ng sityo sa mga pamayanang malapit sa pinaglabanan upang itago ang kaswalti ng mga sundalo. Hinuli at hanggang sa sinusulat ang balitang ito ay nakakulong pa si Itaw Agrumyan, ang sityo lider ng Lukban.

Resulta ang labanan ng inilulunsad na mga focused military operations (FMO) sa mga bayan ng Bulalacao, Mansalay at Roxas. Bilang paghahanda sa FMO, nagpakalat ang 203rd IBde ng pekeng balita hinggil sa diumano'y isang labanan na naganap sa Brgy. Benli sa Bulalacao noong Hunyo 25. Matatandang tinawag ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB Mindoro sa isa niyang pahayag ang pekeng labanan pahayag ang pekeng labanan na ito bilang pangungundisyon sa mamamayan upang bigyang katwiran ang "teroristang atake sa mga komunidad" sa anyo ng mga FMO at pagkakampo sa mga baryo sa balangkas ng Retooled Community Support Program (RCSP).



BALITA

State of calamity, idineklara sa Occidental at Oriental; ayuda, ipinapanawagan ng mga Mindoreño



Pinapakita ng isang magsasaka mula sa Occidental Mindoro ang pinsala sa kanyang palayan. Larawan mula sa ABS-CBN News.

Matinding pinsala ang tinamo ng Mindoro dahil sa ulan at bahang dala ng bagyong Carina at hanging Habagat mula Hulyo hanggang Setyembre.

Noong huling mga linggo ng Hulyo ay hinagupit ng bagyong Carina ang isla. Limang bayan sa Oriental Mindoro (OrMin) ang naiulat na nakaranas ng pagbaha: Pinamalayan, Victoria, Bongabong, Pola at Socorro. Sa ilang lugar ay umabot nang lampas tao ang taas ng bahang idinulot ng pag-apaw ng mga ilog at sapa, gumuho rin ang sa Brgy. Villareal at Brgy. Malubay sa Socorro.

Ayon sa Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) ng OrMin, umabot sa 19, 000 pamilya o katumbas ng 81, 000 katao ang naapektuhan ng matinding ulan at baha dahil kay Carina. Kinailangang ilikas ang di bababa sa 8,000 na residente dahil sa pagbaha. Dahil sa tindi ng pinsala, naunang idineklara ang state of calamity sa mga bayan ng Pinamalayan at Baco; kalauna'y dineklara ito sa buong prubinsya. Naitala rin ang ₱59 milyong pinsala sa agrikultura.

Nagpatuloy ang malakas na ulan at hanging dala ng Habagat buong kwarto at dumaan din ang pito pang bagyo mula Agosto hanggang Setyembre.

Sa pagtatapos ng Setyembre, idineklara naman ang state of calamity sa buong Occidental Mindoro (OccMin) dahil sa pagbahang dinulot ng tuloy-tuloy na ulang dala ng Habagat. 42 baryo sa mga bayan ng Calintaan, Magsaysay, Rizal, Sablayan at San Jose ang naapektuhan ng baha. Lumubog hanggang bubong ang mga bahay sa ilang lugar dahil sa taas ng baha.

Inilikas ang mahigit 7, 000 pamilya dahil sa baha. Sa ulat ng Provinciam Agricultural Office, 2, 146.1 ektarya ang napinsala ng malakas na hangin, ulan at baha. Umabot sa ₱77, 859, 189.45 ang halaga ng pinsala sa mga magsasaka. Mayor na naapektuhan ang mga palayan


Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...

LATHALAIN

Inutil ang Barangay Develoment Program ng NTF-ELCAC sa paglutas ng kahirapan at aping kalagayan ng masang Mindoreño

"Maghatid ng Kaunlaran." Ito ang mapanlinlang na pangako ng Barangay Development Program (BDP) sa mga tinukoy ng reaksyunaryong gubyerno na Geographically Isolated Disadvantaged Areas (GIDA). Ang GIDA ay ang mga lugar sa bansa kung saan naghihirap ang populasyon at nahihiwalay sa ibang bahagi ng lipunan dahil sa kalupaan at katayuang sosyo-ekonomiko. Salat sa batayang serbisyo gaya ng pangkalusugan at edukasyon ang mga GIDA, wala o kulang sa pampublikong pasilidad at utilities at lubhang bulnerable rin ang mamamayan dito sa epekto ng mga natural na kalamidad. Ayon sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), ang karalitaan at pagkahiwalay mula sa ibang bahagi ng lipunan ng malawak na kanayunan ang sanhi ng kawalan ng mga oportunidad at kaunlaran sa mga GIDA dahilan upang maging bulnerable ang mga mamamaya dito sa rekrutment ng CPP-NPA-NDF.

Kaya naman BDP ang sagot ng NTF-ELCAC para labanan at pigilan ang pagsuporta at paglahok ng masa sa rebolusyonaryong kilusan. Ito ang malambot na parte ng programa sa kontra-insurhensya na may dalawang mukhaisang mukhang mabangis at ang isang bahaging mabait na tulad ng BDP. Ipinatutupad lamang ang BDP sa yugto ng *development stage* matapos nilang ideklarang *cleared* na ang isang barangay sa impluwensya ng CPP-NPA-NDFP. Ang



Mula sa pahina 4 (balita)...

kung saan winasak at pinadapa ng tubig baha ang palay na aanihin na sana.

Bagamat hawak ng pambansa at lokal na gubyerno ang kapangyarihan at pondo para sa mabilisang pagbibigay ng ayuda dahil sa deklarasyon ng state of calamity na nagpapahintulot sa paggamit ng bilyon-bilyong Quick Response Funds (QRF), masyadong maliit ang ayudang natanggap ng masang Mindoreño mula Hulyo kung meron man.

Bilang tulong sa apektado ni Carina noong Hulyo, nagpamahagi ng ₱70 milyong ayuda ang rehimeng US-Marcos II. Kung hahatiin ito sa kabuuang 6.1 milyong Pilipinong nasalanta noong Hulyo, katumbas ito ng ₱11.48 kada indibidwal. May ₱11 bilyong ayuda rin na hawak ang Department of Budget Management na hindi nilinaw kung kailan maipapamahagi. Ang ayudang ito ay katumbas naman ng ₱1, 803.28 kada apektadong indibidwal na, muli, ay malayong malayo sa kinakailangang suporta para makabangon mula sa pinsala ng pag-ulan at pagbaha ang mga mamamayang sinalanta. Sa bayan naman ng Bulalacao, naiulat ang pagharang ng mayor nitong si Ernesto Villas sa ayudang dapat ay ipapamahagi sa mga residenteng biktima ng bagyong Carina.

Samantala, inireklamo ng masa mula sa OccMin ang ayudang natanggap mula sa mga local government units (LGU) ng prubinsya. Nagpahayag ng pagka-dismaya ang isang residente sa mga food pack na naglaman lamang ng tatlong kilong bigas at dalawang latang sardinas. Ang 20 kabang bigas na pinamahagi naman ng Provincial Local Government Unit sa 118 na pamilya ay katumbas lang ng tig-limang kilong bigas kada pamilya.

Matatandaang pinailalim din sa state of calamity ang Occidental at Oriental Mindoro noong Marso dahil sa hagupit naman ng El Niño na nagtagal hanggang sa buwan ng Hunyo. Hanggang ngayon ay hindi pa rin natatanggap ng maraming Mindoreño ang ayuda para rito.

Mula sa pahina 4 (lathalain)...

yugto ng paglilinis *(clearing stage)* ay inilulunad sa pamamagitan ng malawakang *focused military operations* (FMO). Ang yugto ng paglilinis ang pinakamahirap sa panig ng mamamayan dahil dito nagaganap na nagsasagawa ng ang mga gulpi-de-gulat (sa termino ng panahon ni Palparan ay *"shock and awe"*) na teroristang dahas kasabay ng mga sapilitang pagpapasuko sa tabing ng pagpapalinis ng pangalan sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Iintegration Program (ECLIP). Isinasailalim ang mamamayan sa mga interogasyon, tortyur, pagbabanta, pananakot, walang patumanggang pagpapaputok, gawa-gawang labanan, pagpapanggap na mga NPA (swag operation), *hamletting, food blockade*, paglalapat ng *curfew* at iba pang paraan ng kontrol sa populasyon at marami pang iba. Kasabay ng madugong yugtong ito, nirarahuyo ang mga biktimang komunidad sa mga "proyektong pangkaunlaran" sa ilalim ng BDP.

Ipinagmamayabang ng ahensya ang mga pangakong kalsada, proyektong pangkabuhayan, *health center* at iba pang serbisyo't pasilidad katulad na kanilang pangtapat sa programa ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB). Mula nang maisabatas ang BDP, gumasta na ito ng kabuuang ₱30.4 bilyon para sa 4,501 barangay na "napalaya" na mula sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa ilalim ng BDP, may itinakdang mga *priority* barangay na binuhusan ng pondong umaabot ng ₱20 milyon kada barangay noong 2021. Sa ngayon, itinutulak ng mga militarista sa Kongreso na paglaanan ng ₱7.8 bilyon ang BDP (katumbas ng sampung milyon kada barangay) para sa 2025 sa kabila ng pagkwestiyon kung totoong nakararating sa mga pamayanan ang mga pondong nauna nang nailaan sa programa.



Sa Mindoro, apat na barangay ang itinakdang priority ng BDP at panimulang proyekto sa isla noong 2021. Kabilang dito ang Brgy. Hagan at Lisap, Bongabong sa Oriental Mindoro (OrMin) at Brgy. Naibuan at Brgy. Monteclaro sa San Jose, Occidental Mindoro (OccMin). Idinagdag ang Brgy. Panaytayan, Mansalay, OrMin at ang Brgy. Manoot, Rizal, OccMin.

Noong 2022, umabot sa 20 baryo ng Mindoro ang isinailalaim sa BDP. Naging 13 ito pagdating ng 2023 at 7 ng 2024. Idineklarang "insurgency free" ang kabuuang 62 barangay na itinuring ng 203rd Infantry Brigade na "maunlad at malaya sa kamay ng armadong kilusan."

Korapsyon at pang-aabusong militar sa ilalim ng BDP

Korapsyon at pang-aabusong militar sa ilalim ng BDP

Sa 885 na proyekto ng BDP

Mula sa pahina 5 (lathalain)...

ngayong 2024, wala ni isa ang tapos na gayong iilang buwan na lamang ay matatapos na ang taon. Ayon sa Department of Interior and Local Government, ito'y dahil kabibigay pa lamang ng Department of Budget Management ng pondo sa mga local government units (LGU). Ganito rin ang sinabi nila noong 2021; dalawang taon ang lumipas bago matapos ang mga proyektong pang-imprastruktura ng BDP. Sa Occidental Mindoro, September 2023 lamang idineklarang tapos ang 12 sa kabuuang 16 na 2022 BDP projects. Sa halos dalawang taon, iilang dipang kalsada at ilang kapirasong school building lang ang nagawa.

Nalantad kamakaliam na ang pondo ng BDP ay sa esensya nagsisilbing pork barrel ng NTF-ELCAC. Kasabay ng ECLIP at intelligence fund, ito ang mga gatasan at palabigasan ng mga burukrata at matataas ng opsiyal militar at pulis. Ang ECLIP ay diumano'y "tulong sa mga sumurender" na kasapi ng NPA, milisyang bayan, organisasyong masa at kasapi ng Partido sa lokalidad. Sa minimum, ₱65, 000 ang matatanggap ng bawat isang "sumuko" bilang tulong pangkabuhayan nang sa gayon ay hindi na muling bumalik sa kilusan. Sa Mindoro, daan-daan ang ipinalabas na "surenderi" ng 203rd IBde at PNP MIMAROPA subalit mabibilang sa daliri ang nakatanggap ng "tulong" pinansyal; sa halip, kakarampot na sardinas, instant noodles, ilang kilo ng bigas, tabako, at ilan pang groceries ang ibinigay sa mga "surenderi."

Tampok na halimbawa ang kaso sa isang baranggay sa Timog Mindoro. Noong 2021, ginamit ng 203rd IBde at 4th Infantry Batallion (IB) ang munisipyo at barangay upang ipatawag at interogahin sa kampo ang 300 na residente ng barangay. Kalakhan ay dumanas ng pisikal at mental na tortyur. Pagkatapos, sapilitang ipinaloob ang mga residente sa samahang binuo ng AFP upang diumano'y lubos na magbalik-loob sa gubyerno at hindi na malinlang ng CPP-NPA-NDF. Sila'y pinangakuan din ng kabuhayan sa anyo ng ₱50, 000 halagang manok at ₱200, 000 halagang kambing (sa aktwal ay naging 100, 000 na lang) na ipinamahagi.

Ganito din ang sitwasyon sa iba pang mga barangay na tinarget ng pangwawasak. Paulit-ulit na pinatawag sa kampo ang mga taumbayan, pinalalabas na "surenderi" at sapilitang binuo sa mga samahan. Sa kada "surenderi" ay libo-libo ang binubulsa ng mga walang kabusugang upisyal militar.

Patunay ang mga priority barangay na may batas militar sa Pilipinas bagamat hindi ito deklarado. Para ibayong kontrolin ang mga masa, kinakampuhan ng mga yunit ng Retooled Community Support Program (RCSP) ang mga baryo at nagtatayo rin ng kampo sa mismong mga pamayanan. Mistulang baraks ang buong pamayanan ng mga sundalo kaya walang kalayaan ang mga residente nito at kapangyarihang militar ang nangingibabaw na lansakang paglabag sa karapatang tao.

Ang pag-kontrol sa kilos ng masa ay nagpapaliit sa oras na nailalaan nila sa trabaho sa bukid at pagkakaingin. Dahil dito krisis sa pagkain, kagutuman at malnutrisyon ang dinaranas ng mga militarisadong barangay. Tampok din ang kaso ng panggagahasa sa tatlong kababaihang Buhid sa Brgy. Lisap. Liban pa dito'y ginagawang comfort women ng mga sundalo ang mga kababaihan saan mang baryo sila mag-kampo. Sa mga katutubong Buhid, may naitalang mga kaso ng pagpapakamatay dahil sa mental tortyur sa paulit-ulit na mga interogasyon. Hindi iilang pamilya rin ang nagnanais na lumikas mula sa mga pamayanang kinampuhan, kagaya ng Sityo Ibanig at Mantay.

Doble ang pasanin ng mga ka tutubong Manguan na sukdulang inabandona na ng reaksyunaryong gubyerno. Napakadalang ng serbisyo sa mga pamayanan ng katutubo. Walang libreng gamot at walang botika sa mga barangay. Laganap ang malnutrisyon at pagkamatay mula sa mga karaniwang sakit na hindi naipapagamot dahil sa kahirapan na pinalalala ng pag-kontrol ng militar sa kilos at aktibidad ng mga masa. Napakadalang din ng eskwelahan laluna sa interyor kaya napakarami nang mababa o walang kakayanang magsulat, magbasa at magkwenta.

Noong 2023, halos 100 batang edad limang taon pababa ang namatay sa Sityo Mantay dahil sa pulmonya. Kakatwa lamang na nagwawaldas ng milyon sakayang pamagpapabalik-balik ng mga helikopter ang 203rd IBde para magdala ng suplay sa nag-ooperasyong tropa nito pero hindi man lamang nito tinugunan ang pangangailangan sa serbisyo upang mailigtas ang mga batang nasa bingit ng kamatayan.

Sa gitna ng lahat ng ito, inaagawan ng lupa at kabuhayan ang mga katutubo't magsasaka upang bigyang daan ang proyektong mina, mapaminsalang dam, ekoturismo at Tamaraw Reservation Expansion Project.

Digmang Bayan ang solusyon

Kahibangan ng utak-pulburang AFP-PNP at amo nilang rehimeng US-Marcos II at nagdaang rehimeng US-Duterte ang pananalig sa BDP at katulad na mga programa. Sukdulang kasinungalingan at panlilinlang na BDP ang solusyon sa kahirapan at kaapihang dinaranas ng aping uri, laluna ng masang anakpawis na magsasaka at manggagawa.

Makatarungan ang armadong paglaban ng sambayanang Pilipino na pinangungunahan ng CPP-NPA-NDFP. Daantaon nang pinahihirapan ang sambayanan ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo kaya ang tatlong ito'y lubos na kinamumuhian at nais ng sambayanan na ibagsak. Hindi kailanman maihahatid ng mga imprastraktura, paalagang manok at kambing, kampanyang pagpapa-surender at iba pang bulok na programa ng gubyerno ang tunay na kaunlaran at serbisyo sa mamamayan. Tanging sa landas ng digmang bayan at sa pagtatagumpay ng DRB maitatayo ang gubyerno ng masang anakpawis at sa gayon, ang lipunang malaya, maunlad, masagana at may pusong magtitiyak ng lahat ng pangangailangan ng mamamayan.

BALITA

Panibagong mga kaso gamit ang Terror Law, sinampa laban sa apat na Mindoreño

Papatindi nang papatindi ang paghahasik ng takot ng AFP-PNP gamit ang Anti-Terror Law (ATL) laban sa masang magsasaka at Mangyan sa isla ng Mindoro.

Panibagong kaso ng paggamit sa mapaniil na ATL ang isinampa laban sa mag-asawang negosyante na si Marlon at Lilibeth Estrella mula sa bayan ng Roxas, Oriental Mindoro (OrMin). Ang mag-asawa ay kinasuhan ng paglabag sa Anti-Terrorism Financing Law (ATFL) nitong Hunyo 2024 dahil sa pagbebenta umano ng groceries sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Hanggang sa ngayon ay walang maipakita ni isang ebidensiya ang AFP-PNP ng nasabing pakikipag-ugnayan ng mag-asawa sa BHB.

Habang ang mag-asawa namang Mangyan na si Tevin at Endelyn Malan mula sa bayan ng Bulalacao, OrMin ay sinampahan ng paglabag sa ATL matapos "mahulihan" ng baril at pasabog sa kanilang sasakyan noong Hulyo 11. Ayon sa mga sundalo na humuli sa kanila, kasapi rin daw ng BHB ang dalawa nilang pasahero noong hulihin. Iginigiit ng mag-asawa na sila ay maayos na naghahanap-buhay, walang batayan ang paratang sa kanila at ang mga baril at pasabog ay itinanim lamang sa kanila ng militar. Dagdag kabuhayan ng mag-asawa ang pamamasada upang matustusan ang pangangailangan nila at ng kanilang dalawang anak sa harap ng pagkalugi ng mga magsasaka dahil sa tagtuyot na nanalasa noong unang hati ng taon. Nananatili silang nakakulong sa Roxas Municipal Jail at nakararanas ng matinding hirap, lalo na sa pagkain, sa loob ng kulungan dahil sa pamamalakad sa loob nito.

Sa kabuuan, 14 kaso na ng ATL at ATFL ang naitalang nakasampa sa mga korte sa Mindoro mula nang maisabatas ito noong 2020. Taong 2021, limang sibilyan ang kinasuhan ng ATL matapos idawit ng AFP-PNP sa nangyaring labanan sa Brgy. Tuban, Sablayan dahil lamang nakatira sila malapit sa pinangyarihan ng labanan. Ang limang sibilyan na ito ay nakakulong pa rin at hanggang ngayon ay walang malinaw na ebidensya na mapakita ang AFP-PNP ukol sa paratang na ang mga kinasuhan ay gumagawa ng terorismo.

BANTAY KARAPATAN

Kontra-rebolusyonaryong digma ng naghaharing estado, mga sibilyan ang binibiktima

Tulak ng desperasyong durugin ang rebolusyon pagdating ng Disyembre 2024 upang bigyang katuparan ang atas ng among imperyalismong US, walang pag-aatubiling idinadamay ng mga AFP-PNP-CAFGU ang mga sibilyan sa kanilang madugong kontra-rebolusyonaryong digma. Sa Mindoro, ang pambibiktima sa mga sibilyan ay pinangungunahan ng 203rd Infantry Brigade (IBde) at PNP MIMAROPA.

ILIGAL NA PAG-ARESTO, PAGKULONG AT DETENSYON | Tatlong katutubong Mangyan ang inaresto ng mga sundalo mula sa 203rd Infantry Brigade (IBde) at sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal noong ikalawang linggo ng Hulyo.

Kinulong din ang lider katutubo na si Itaw Agrumyan mula sa Sityo Lukban, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro (OrMin) noong Hulyo 11. Pinagbibintangan siya na tumulong sa yunit ng BHB na nakalaban ng mga sundalo ng 203rd IBde sa parehong araw.


Iligal ding inaresto, binugbog at ikinulong ang dalawa mag-asawang katutubong Mangyan noong Hulyo 13 sa Brgy. San Roque, Bulalacao, OrMin. Ang dalawa ay namamasada nang arestuhin kasama ng kanilang mga pasahero na pinararatangan namang mga kasapi ng BHB. Sila ay kinasuhan ng paglabag sa Anti-Terror Law. Kasama ng dalawang Mangyan ang kanilang mga anak na pinagmalupitan din ng mga sundalo bago ihiwalay sa kanilang mga magulang.

Noon namang ikalawang linggo ng Agosto, dinetine ng nag-ooperasyong mga sundalo ang isang katutubo sa Sityo Pawa, Brgy. Lisap, Bongabong, OrMin. Dalawang araw ang lumipas bago siya pakawalan.

PAGBABANTA, HARASMENT AT INTIMIDASYON | Isang residentesibilyan mula sa Brgy. Lisap ang tinutukan ng baril

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...





at tinanong kung may nakita siyang NPA ng nakasalubong na mga sundalo noong Agosto 22, 2024.

Pinuntahan naman at hinaras ng mga sundalo ang isang pulong ng mga lider-Bangon sa Bongabong. Ang mga lider-Bangon ay mula sa mga pamayanang patuloy na lumalaban sa pang-aagaw sa kanilang lupang ninuno dahil sa Tamaraw Reservation Expansion Project ng reaksyunaryong gubyerno.

Isang kabataang Mangyan ang hinaras din ng mga sundalo sa So. Banhawon, Brgy. Panaytayan nitong Setyembre. Pinagbintangan ang kabataan na nagpapatuloy raw sa mga kasapi ng BHB. Bahagi ang insidente ng inilunsad na *focused military operation* ng mga sundalo.

PAGKAKAMPO | Kinampuhan ng mga sundalo ang So. Abalya, Brgy. Lisap sa tabing ng Retooled Community Support Program (RCSP). Nagtagal ang mga sundalo sa baryo mula Agosto 2023 hanggang Pebrero 2024. Matagumpay na napalayas ang mga sundalo nang magreklamo ang komunidad matapos na ginahasa ang isang babaeng ng mga pasistang sundalo.

PANG-AABUSO SA KABABAIHAN AT BATA | Sa So. Cogon Ratag, Brgy. Manoot, Rizal, Occidental Mindoro (OccMin), naiulat ang kaso ng pambabastos sa mga kababaihan at bata ng mga sundalong naglunsad ng RCSP. Isang dalagita ang nakaranas ng sexual harassment mula sa mga sundalo nang maabutan siya sa tubig. Tumakbo sa takot ang dalagita dahil gusto siyang paliguan ng mga sundalo. Minsa'y kinukuha rin ng mga sundalo ang mga bata upang mapilitan ang kanilang mga ina o kapatid na babae na lumapit sa mga sundalo para bawiin ang mga bata. Inilalayo na ngayon ang mga bata at kabataan ng kanilang mga magulang mula sa mga sundalo dahil sa pagpapalabas ng mga sundalo ng pornograpiya.

Mula sa pahina 8 (Bantay Karaptan)...

Noong Mayo, sa So. Abalya, sapilitang sinama ng mga sundalo ang isang 12 anyos na bata sa kanilang operasyon. Nadaanan ng pasistang sundalo na mag-isa sa bahay ang bata. Sa takot, sumama na lang ang bata. Dalawang araw na hawak ng mga sundalo ang bata na kanilang pinaggiya.

PAMBUBUGBOG | Anim na residente ng So. Lukban ang binugbog ng mga sundalo noong Setyembre. Bahagi pa rin ito ng panghahalihaw ng AFP sa nasabing sityo matapos ang labanan sa pagitan ng mga sundalo at BHB noong Hulyo 11.

PAGPAPASUKO | Iligal na pinasuko ang isang katutubo sa So. Bahayaw, Brgy. Lisap. Ayon sa kanya, dinala niya ang kanyang asawa sa ospital ng Bongabong dahil sa malalang sakit. Sa ospital ay pinuntahan siya ng dalawang sundalo at tinanong ang pangalan. Pagkatapos ay basta na siyang dinampot habang dalawang trak ng kaaway ang dumating. Inirereklamo ng katutubo na di man lang siya hinayaang ipagamot ang kanyang asawa na, sa tindi ng nerbyos, ay tuluyan nang namatay.



Paano sumusunod sa CARHRIHL ang mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB?

Ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) ang una sa mga susing adyenda sa usapang kapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng reaksyunaryong Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP).

Pinagtibay ito noong 1998 matapos pirmahan kapwa ng mga prinsipal ng NDFP at GRP. Makasaysayan ang dokumentong ito sa dalawang dahilan: Una, dahil dito malinaw na inilalahad ang buong saklaw ng karapatang tao ng mamamayan kabilang ang mga karapatang sibil, pampulitika, pang-ekonomya at panlipunan. Karugtong nito, sa paglagda sa kasunduan, kinilala rin ng GRP ang malawakang paglabag sa karapatang tao sa loob ng bansa. Ikalawa, sa pagbibigay ng awtoridad at responsibilidad sa NDFP na itaguyod ang CARHRIHL sa mga lugar na saklaw ng kapangyarihan nito, ang kasunduan ay pagkilala rin sa lehitimong katayuan ng CPP-NPA-NDFP bilang isang pwersang nakikidigma at naggugubyerno.

Sumusuhay ang CARHRIHL sa mga umiiral na internasyunal na mga dokumento hinggil sa makataong batas at hinggil sa pakikidigma na pinirmahan ng halos lahat ng estado sa buong daigdig gaya ng Geneva Conventions ng 1949 at Mga Karagdagang Protokol ng 1977.

Bagamat hindi nilalaman ng CARHRIHL ang mga hakbangin para solusyonan ang ugat ng kahirapan at kaapihan sa bansa sadyang kailangang unahin ito bilang pagkilala sa sitwasyon ng karapatang tao sa bansa na kung hindi mapagkakasunduan ay hindi uusad ang usapang pangkapayapaan.

Ano ang kabuluhan ng CARHRIHL para sa Hukbong Bayan?

Isa ang CARHRIHL sa sinusunod na gabay ng mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) upang pangalagaan ang karapatang tao ng parehong sibilyan at kombatant at tumalima sa makataong batas sa pakikidigma.

Bago pa man pinagtibay ang CARHRIHL, nilalaman na ng Saligang Alituntunin ng BHB ang saligang disiplina nito alinsunod sa panuntunang ***hindi ito dapat gumawa ni anumang katiting na paglabag sa interes ng masa.*** May disiplinang bakal itong sinusunod alinsunod sa pagkilala sa absolutong pamumuno ng Partido at sa prinsipyong pang-organisasyon na demokratikong sentralismo. Mayroon ang BHB ng Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina at Walong Puntong Dapat Tandaan o Tres-Otso. Ang nilalaman ng Tres-Otso ay ang sumusunod:

Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina

1. sundin ang utos sa lahat ng kilos
2. huwag kumuha ng karayom o hibla ng sinulid mula sa masa
3. ibigay sa kinauukulan ang lahat ng nasamsam

Walong Puntong Dapat Tandaan

1. magsalita nang magalang
2. magbayad ng tama para sa binili
3. isauli ang lahat bg hiniram
4. magbayad para sa anumang nasira
5. huwag manakit o magmura sa masa
6. huwag manira ng pananim
7. huwag pansamantalahan ang kababaihan
8. huwag pagmalupitan ang mga bihag

Anumang paglabag sa Tres-Otso ay may karampatang aksyong pangdisiplina.

Kondukta sa pakikidigma ng BHB

Sa pakikidigma, lubusang isinaaalang-alang ng BHB ang epekto sa masa ng anumang labanan. Dahil tungkulin ng Hukbo na agawin ang kapangyarihang pampulitika upang mahawakan ito ng masang anakpawis, tinitiyak ng mga kumander at kadre ng BHB na ang mga labanang ilulunsad nito ay aariin din ng masa bilang kanila ring pampulitikang tagumpay Hindi lamang tagumpay sa militar ang inaasam ng mga Pulang kumander at mandirigma; hindi lamang ang pagpinsala sa kaaway at pag-agaw sa kanilang armas ang layunin.Kaya sa pag-plano at aktwal na pakikipaglaban, tinitiyak na lehitimong target lamang

Mula sa pahina 9 (Kolum)...

na mga elemento ng AFP-PNP-CAFGU, mga instalasyon, at pasilidad militar ang isinasalang sa aksyong militar ng BHB. Maging ang mga lokal na pulis na hindi aktibong gumaganap sa kontra insurhensyang programa ng reaksyunaryong gubyerno at hindi ginagamit sa mga kriminal at sindikatong gawain ay ipinupwera sa lehitimong target ng BHB. Mahigpit ang panuntunan na walang sibilyan at pag-aaring sibilyan ang madadamay, na hindi gagamit ng di makatao at lampas sa minimum na kailangan o *overkill* na pamamarusa sa kaaway at mapapangalagaan ang mga wala na sa katayuang lumaban o piniling hindi na lumaban mula sa kanila. Sa di pagdamay sa mga sibilyan, parehong pisikal at sikolohikal na pinsala ang iniiwasan. Pati ang maaaring ganting-salakay ng kaaway sa masa ay tinitimbang. Tapat at mapagkumbabang nilalagom ang bawat labanan, pinupuna at pinapatawan ng aksyong pandisiplina ang anumang paglabag depende sa bigat ng nagawa.

Mahigpit ding pinag-iiba ng BHB ang sibilyan sa armado at maging ang mga nyutral na indibidwal, organisasyon at entidad kagaya ng mga *medical personnel* at *spirutual leaders* na hindi aktibong bahagi ng kontra-rebolusyonaryong gera laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.

Magandang halimbawa ang inilunsad na reyd ng isang yunit ng Lucio Dde Guzman Command (LDdGC)-BHB Mindoro sa Municipal Police Station ng Paluan, Occidental Mindoro noong Nobyembre 7, 2014. Target nito ang mga pwersa ng 76th Infantry Batallion (IB) at Regional Public Safety Batallion (RPSB-IV B). Kasama sa mga masusing pinag-aralan sa plano at mga dry run ang pagsabay sa magiging galaw at reaksyon ng mga sibilyan sa loob ng police station at paano sila mabibigyan ng proteksyon sa aktwal na labanan. Pagkatapos ng pitong minutong labanan, kagyat na dinala sa pinakamalapit na ospital ang mga sugatang kaaway upang lapatan ng *first aid.* Walang sibilyang kaswalti sa labanan at maging ang Mayor noon ng bayan ng Paluan na si Carl Michael Pangilinan at kanyang istap ay natiyak na ligtas sa putukan.

Liban sa matagumpay na pagpinsala sa kaaway at pagsamsam sa kanilang armas, pinagpugayan ng masa ang makataong kondukta ng BHB sa nasabing taktikal na opensiba (TO). Ipinagbunyi ng masa ang mga opensiba ng mga kasama laban sa kaaway na abusado sa kanila at kinilala ang TO bilang parehong tagumpay nila at kanilang hukbo.

Bilang armadong pwersa ng gubyernong bayan, tinitiyak ng BHB, sa gabay ng Partido, na ang mga ginagawaran nito ng mga aksyong pamamarusa ay pagtupad sa atas ng kinauukulang hukumang bayan matapos ang dinaanang proseso alinsunod sa rebolusyonaryong hustisya. Lahat ng mga kasong inilalapit sa Hukbo at isinasampa sa Hukumang Bayan ay dumadaan sa karampatang proseso upang mapangalagaan ang karapatan ng lahat laban sa walang batayang pagkakaso at pag-aaresto. Sa Hukumang Bayan ay malaya ang mga nasasakdal na maghanap ng tagapagtanggol, mag-apila ng kanilang kaso, at iba pang karapatan ng nasasakdal.

Ginagarantiyahan ng BHB Mindoro ang mahigpit at mulat na pagsunod ng lahat ng kasapi nito sa CARHRIHL, pagkilala sa Geneva Conventions at iba pang internasyunal na makataong batas, mahigpit na pagtalima sa Tres-Otso, Tuntunin sa Labanan, at ng lahat ng disiplina't patakaran ng BHB para pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan.

Digmang bayan para sa karapatan at kagalingan ng masa

Isang digmang bayan ang inilulunsad ng BHB. Ibig sabihi'y tungkulin din ng BHB na magmulat, mag-organisa at mapakilos ang masa para sa kanilang mga interes--laluna ang pagkilos nila mismo para sa sariling mga karapatan at kagalingan. Susi rito ang pagtupad sa tatlong komponente ng digmang bayan: ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo (RA) at pagtatayo ng baseng masa. Sa pagpapatupad sa mga ito, maitataguyod din ang mga karapatang sibil, pampulitika, pang-ekonomya, panlipunan, at pang-kultura na nilalaman ng CARHRIHL.

Sa paglulunsad ng RA, napapasakamay ang lupa ng mga tunay na nagbubungkal nito, napapawi ang pagsasamantalang pyudal at mala-pyudal, umuunlad ang kabuhayan at pamumuhay ng mga magsasaka, katutubo at iba pang masa sa kanayunan at nailalatag ang mga batayan para sa pambansang ekonomya na makakatugon sa pangangailangan ng pinakamarami. Sa ibang salita, sa RA nasasakatuparan ang pang-ekonomyang karapatan ng mamamayan.

Sa pagtatayo naman ng mga samahang masa, Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) at gubyernong bayan, nabibigyan ng lugar at pamamaraan ang masa upang buklurin ang kanilang lakas at itapat ito sa kapangyarihan ng mga naghaharing uri na nagkakait sa kanila ng kanilang pinakabatayang karapatan. Sa pagkaka-organisa ng masa para sa rebolusyon, natatamasa nila ang demokrasyang para sa uring anakpawis at demokratikong uri't sektor, natututunan ang paggubyerno, namumulat sa kung paano sila inaapi at paano lalaya, nagkakaisa para lalong paunlarin ang produksyon at ekonomya para sa lahat, nagkakaroon ng akses sa serbisyong panlipunan gaya ng edukasyon at pagpapagamot at iba pang aktwal na manipestasyon ng maunlad na pamumuhay.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...



Mula pahina 10 (Kolum)...

At siyempre, sa armadong pakikibaka, naipagtatanggol ang masa mula sa kanilang kaaway sa uri, napanghahawakan ang bawat tagumpay na nakakamit at hakbang-hakbang na nadudurog ang kapangyarihan ng mga mapagsamantala at mapang-api. Kung wala ang armadong pakikibaka, di kailanman lalaya ang masang api.

Hamon sa panahon ng pagwawasto

Sa pagsusulong ngayon ng kilusang pagwawasto, sinasariwa at pinahihigpit muli ang pag-unawa at paghawak ng mga Pulang kumander at mandirigma sa batayang prinsipyo ng BHB. Inilulunsad ang mga pag-aaral sa Marxismo-Leninismo-Maoismo upang maging gabay sa pagwawasto. Pinapangahasan ang pagbawi sa mga naiwanang base dahil sa mga operasyong pangwawasak ng kaaway at ang pagbubukas ng bagong mga erya upang ibayong palawakin ang rebolusyon. Panawagan sa lahat ng mga kasapi ng BHB na walang sawang mag-aral ng kasalukuyang sitwasyon at kasabay nito'y paunlarin ang mga pamamaraan sa pakikidigma nang sa gayo'y makaigpaw ang lakas ng rebolusyon tungo sa abanteng yugto ng estratehikong depensiba, maabot ang pagkapatas hanggang sa makamit ang estratehikong opensiba at tagumpay.

Ang CARHRIHL ay iniluwal ng isa sa mga daluyan ng pakikibaka ng mamamayan--ang usapang pangkapayapaan. Isa itong mahalagang daluyan ngunit hindi ito ang pangunahin. Nananatiling ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, ang paglakas at pagdaluyong nito, ang pinakamaasahang kasangkapan ng mamamayan di lamang upang ipagtanggol ang kanilang mga sarili at singilin ang mga may inutang na dugo sa kanila kung hindi kasangkapan upang likhain ang tunay, pangmatagalan at makatarungang kapayapaan.



Ano ang mga karapatang tinatamasa ng mamamayan sa ilalim ng demokratikong gubyernong bayan (DGB)?

Sa ganap na pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB), ipapalit sa kasalukuyang bulok na estado ang isang gubyerno ng masang anakpawis, isang gubyernong bayan--ang Demokratikong Republikang Bayan.

Ang gubyernong bayan ang muog ng pampulitikang kapangyarihan ng masang api. Sa pagkakatatag ng Demokratikong Republikang Bayan, maipapatupad nang buong buo ang programa ng DRB at tatamasahin ng sambayanang Pilipino ang lahat ng kanilang demokratikong karapatan sa unang pagkakataon sa kasaysayan. Gayunpaman, habang hindi pa naibabagsak ang reaksyunaryong gubyerno, ipinupunla na ang mga binhi ng gubyernong bayan sa mga lugar sa kanayunan na pinakasulong ang rebolusyon.

Dito sa Mindoro, sapul nang nagsimulang umugat ang rebolusyon sa isla noong dekada '70, ang mga binhi ng gubyernong bayan ay nagbunga na ng mga makabuluhang tagumpay para sa mga batayan at demokratikong karapatan ng masang Mindoreño.

Ano ang mga karapatang tinatamasa ng mga masang Mindoreño sa ilalim ng demokratikong gubyernong bayan?

Sa pulitika

Sa ilalim ng gubyernong bayan tinitiyak at hinihimok ang pakikisangkot at representasyon ng masa, lalo na ng uring anakpawis, sa mga usaping panlipunan at pulitikal. Nagmumula ito sa saligang prinsipyo ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan na buong buong pagsalig sa lakas ng masa na siyang tunay na lumilikha ng kasaysayan. Kaya naman sa ilalim ng DGB, pantay-pantay ang lahat sa harap ng batas: mula man sa uring magsasaka, manggagawa o hanay ng mga katutubo, kabataan, kababaihan, bata at iba pang sektor ng lipunan. Sa diwa ng pagpapakilos sa masa sa pagsulong ng rebolusyon, lubusang itinataguyod ang kalayaan ng masa na magsalita, magpahayag, bumuo ng asosasyon at magtipon-tipon para sa mga rebolusyonaryong mithiin ng mamamayan. Lahat ng mga nasa hustong edad (18) pataas ay may karapatang bumoto at mahalal sa gubyernong bayan liban sa mga baliw at mga kaaway ang turing ng batas. Kasabay nito, karapatan ng mamamayan na ireklamo ang mga awtoridad na lumalabag sa batas o nagpapabaya sa tungkulin. Karapatan ng mamamayan na humingi ng bayad-pinsala kung siya'y napinsalaan dahil sa paglabag ng awtoridad sa batas o sa kanyang mga karapatan.

Ginagarantiyahan din ng DGB ang kalayaan sa konsensya at pananampalataya.

Itinataguyod din ang karapatan sa personal na seguridad at ang karapatang hindi maaresto kapag walang sapat na batayang ligal. Ginagarantiya rin ng batas ng DGB ang karapatan sa privacy at karapatang manirahan kung saan ninanais ng isang indibidwal.

Ang mga kaaway naman sa uri ay tatanggalan ng mga karapatang pampulitika sa panahon ng ganap na tagumpay. Ito'y upang pigilan ang panunumbalik ng mga malalaking burges-komprador, panginoong maylupa, burukratang kapitalista at ang mga pangunahing galamay nila sa kapangyarihan. Titiyakin ng gubyernong bayan na sila ay may sapat pa rin na pagkakakitaan.

Sa ekonomya

Naninindigan ang DGB na karapatan ng mamamayan na pakinabangan ang bunga ng kanilang pinagpaguran

Mula pahina 11 (Kolum)...

at ang tamasahin ang mahusay na mga kundisyon ng pamumuhay at trabaho at mga bagay na kaugnay nito gaya ng pahinga, bakasyon at pagreretiro. Sa Mindoro, ang kasaysayan at tagumpay ng rebolusyong agraryo (RA) ang pinakamukha ng ng pagtaguyod ng rebolusyon sa karapatan na ito.

Sa pagkakaisa ng mga Mindoreño at BHB, matagumpay na nalansag ang mga malalawak na mga pastuhang pinagmamay-arian ng mga despotikong panginoong maylupa. Natamasa ng mga magsasaka at katutubo ang kanilang karapatan sa lupa. Puo-puong libong magsasaka't katutubo ang nagkaroon ng lupa sa parehong prubinsya ng isla. Sumulpot ang mga tyanggian sa hanay ng mga katutubong Mangyan at umunlad ang kanilang mga paraan ng pagsasaka. Bukod sa mga kaingin, natutunan ng masang katutubo na magtalukan upang magkaroon at masustine ang pagkain at maging dagdag sa kabuhayan nila. Ang mga di katutubong magsasaka naman ay nagkaroon ng lupa na mapagtatamnan ng palay at mais. Sa panahong ito naitayo ang mga pamayanan at naipunla ang unang binhi ng DGB sa Mindoro upang mapumunuan ng masang anakpawis ang kanilang mga sarili. Sa mga tagumpay na ito nakaugat ang di magagaping rebolusyon sa isla.

Hanggang ngayon, isinusulong ng mga magsasaka ang pagpapataas ng sahod ng mga manggawang bukid, pagpapataas ng presyo ng produktong bukid, pagpawi ng mga usura at pagbubuo ng mga kooperasyon para sa sama-sama at mabilisang produksyon na siyang mga porma ng minimum na programa ng RA na ipinatutupad bago ang ganap na tagumpay ng rebolusyon.


Sa pagtatagumpay ng rebolusyon, ipapatupad ang maksximum na programa ng RA na kumpiskasyon ng lupa ng mga naghaharing uri at pamamahagi nito nang libre sa mga wala o kulang ang lupa. Mahalagang rekisito ang pagsulong at pag-kumpleto ng RA sa pagtataguyod sa karapatan sa kabuhayan at pagkain ng milyon-milyong masa.

Sa kultura

Upang lubusang yakapin ng masa ang rebolusyon at isulong nila ito mula sa kasalukuyang yugto ng DRB hanggang sa sosyalistang rebolusyon, mahalagang kasangkapan ang rebolusyonaryong kultura sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Sa ganitong diwa, ginagarantiyahan ng DGB ang karapatan ng lahat sa libreng edukasyong publiko. Ang edukasyong ito ay pambansa, siyentipiko at maka-masa upang basagin ang matagal na umiral na kolonyal, pyudal at burges na kultura. Susi ito upang tiyakin ang tuloy-tuloy na pagkilos ng masa kahit pa man nakamit na nila ang mga panimulang tagumpay.

Sa ngayon na wala pa sa katayuan ang rebolusyonaryong kilusan na buong buong palitan ang umiiral na sistema ng edukasyon at mga istruktura nito, saan man may yunit ngang BHB at rebolusyonaryong samahang masa ay may Pulang paaralang tinatawag na Paaralang Jose Maria Sison (PJMS). Isa sa mga di mawawalang gawain ng mga Pulang mandirigma at organisasyong masa ang,



magbigay ng edukasyon sa masa hinggil sa lipunan kasaysayan at rebolusyon. Nagtuturo rin dito ng pagbabasa, pagsusulat at pagkekwenta sa mga masa at kasamang pinagkaitan ng sistema ng pagkakataong matuto. Nagtuturo rin ang BHB sa masa ng mga kaalaman at kasanayang medikal na labis na kinakailangan sa kanayunan na hindi naabot ng serbisyong pangkalusugan.

Pinayayabong din ang paglikha ng sining at literaturang pumapaksa sa buhay at pakikibaka ng masa. Gayon din ang mga pag-aaral, pananaliksik at mga imbensyong teknolohikal. Isang larangang tiyak na pauunlarin din ay ang pampalakasan at suporta sa mga atleta na, gaya ng iba pang pangkulturang aktibidad ng mamamayan ay , matagal nang pinabayaan ng reaksyunaryong gubyerno. Ito'y lubusang hinihikayat ng rebolusyonaryong kilusan dahil, muli, sa saligang paniniwala nito sa talino at pagkamalikhain ng masa.

Dinidiinan din ng DGB ang pantay na karapatan ng mga kababaihan at kalalakihan sa larangang pampulitika man, pang-ekonomya, pangkultura, panlipunan at pantahanan. Nasa proteksyon din ng batas ng gubyernong bayan ang kasal, pamilya, at mga mag-iina.

Ano pa ang ginagarantiya ng DGB para sa mamamayan?

Matibay na naninindigan ang gubyernong bayan para sa pambansang interes ng sambayanan. Hindi katulad ng mala-kolonyal na gubyerno, hindi pahihintulutan ang anumang dayuhang kapangyarihan na makapagtayo ng base militar o maglunsad ng operasyong militar sa teritoryo ng bansa. Mahigpit na ipagbabawal ang pagdaan, pagpasok o pagpwesto sa bansa ng mga armas-nukleyar.

Pamumunuan ng demokratikong republika ang paglaban sa panghihimasok at pangingialam ng mga dayuhan sa Pilipinas na tiyak na iigting sa panahon ngpagpapabagsak sa imperyalismo sa loob ng bansa.

Mula pahina 12...

Ipagtanggol at konsolidahin ang ating mga tagumpay laban sa pangwawasak ng naghaharing uri at kanilang reaksyunaryong gubyerno!

Ang mga tagumpay ng masa, lalong lalo na ang tagumpay sa lupa, ay pilit na winawasak ng reaksyunaryong gubyerno upang ipagkait sa masa ang kanilang mga karapatan. Laban sa karapatan ng masa, ipinagtatanggol ng reaksyunaryong gubyerno ang interes ng mga naghaharing uring at itinataguyod nito ang kapakanan ng among imperyalismong US kaya lagi itong handa na ipatupad sa ngalan nila ang mga batas at proyektong anti-mamamayan.

Dito sa isla, imbes na kilalanin ang karapatan ng mga magsasaka at katutubong Mangyan sa lupa, binubukas ang mga lupain nila sa mga proyektong mapanira at mapandambong sa kalikasan gaya ng mga renewable energy projects, mina, dam at ang Tamaraw Reservation Expansion Project. Nakaamba palagi ang pang-aagaw ng lupa sa mamamayan lalo sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II. Ang kasalukuyang rehimen ang tuluyang nagbukas sa pagbebenta ng ating kalupaan, kabundukan at maging karagatan sa mga dayuhang kumpanya.

Ang mga tagumpay na nakamit ng mamamayan sa paglaban sa karapatan sa lupa ay pilit na inaagaw. Animo'y mga hayop na pinalalayas ang masa sa kanilang mga lupa gamit ang mga mersenaryo at pasistang sundalo at. Pangita na sa kada lugar na may proyektong anti-mamamayan, nariyan din ang mga kampo militar. Susing papel ng mga AFP-PNP-CAFGU ang patahimikin at dahasin ang sinumang tututol sa anti-mamamayang proyekto ng kanilang mga amo. Sinisira ng mga reaksyunaryong pwersa ang pagkakaisa ng mamamayan. Isang paraan nila para gawin ito ang special enlistment sa AFP ng mga katutubo at magsasaka upang gamitin ang mga katutubo at magsasaka laban sa kapwa nila. Malala pa winawaldas ng AFP ang malaking bahagi ng pondo ng bayan sa walang habas na pambobomba at pag-istraping sa mga komunidad ng mga magsasaka at katutubo gaya ng ginawa sa Brgy. Lisap, Bongabong sa Oriental noong 2022.



Walang masusulingan ang mamamayang Mindoreño kundi ang rebolusyonaryong kilusan na tanging nagtataguyod sa demokratikong karapatan at kahilingan ng mamamayan. Sa pagsusulong lamang ng RA, maipagtatanggol ang lupa ng masa at patuloy na mapagyayaman para sa susunod na henerasyon. Habang sa paglakas ng armadong pakikibaka ngat BHB matitiyak na mabibigyang katarungan ang mamamayang biktima ng inhustisyanaman mapagbabayad nang mahal ang AFP-PNP-CAFGU sa kanilang mga krimen sa taumbayan at maipagtatanggol at mahahawakan ng masa at ng rebolusyonaryong kilusan ang nakakamit na mga tagumpay.

Sa pamumuno ng Partido, itinatayo ang DGB sa antas baryo, munisipyo, hanggang distrito't probinsyasa isla upang mabuo ang solidong lakas at pagkakaisa ng buong mamamayan.

Hinihimok natin ang lahat ng Mindoreño na magkaisa at itayo ang sariling gubyernong bayan na siyang papalit sa kasalukuyang bulok, pahirap, papet at pasistang reaksyunaryong estado ng mga naghaharing-uri.

KULTURA

Bakit, bibili ka ba?

ni Ka Andeng

Alertong bumangon si Berting nang makarinig ng kaluskos sa labas. Dahan-dahan siyang sumilip sa bintana at nakahinga nang maluwag noong mapagtantong aso pala ang dumaan.

Kaagad sinulyapan ni Berting ang mga kapatid upang siguraduhin na natutulog pa sila nang mahimbing habang magkakayapos sa banig. Malalim ang buntong hininga niya bago pumikit at sinubukang muling matulog.

Simula noong mag-operasyon ang mga militar sa kanilang bayan, bumabaw na ang kanyang tulog. Laging alerto sa paligid sapagkat walang pinipiling oras ang mga militar. Basta maisipan nila, bubulabugin nila ang mga taumbaryo, palalabasin sa bahay para manghalughog. Hanggang ngayon, hindi pa rin payapang pinapatulog si Berting ng pangyayari noong nakaraang buwan.

Alas-tres ng umaga. Tulog pa ang mga taumbaryo nang magising si Berting at kaniyang mga kapatid dahil sa mumunting alingawngaw at kalampag ng kaguluhan. Paunti-unti itong lumalakas. Papalapit nang papalapit sa kanila. Sumilip si Berting sa labas. May mga sundalo na sapilitang pinapalabas ang mga tao sa kanilang mga bahay. Walang pakundangang hinihila ang mga tao. Matanda, babae, maski mga bata. Sinisipa rin o tinututukan ng baril ang iba na tila naaalimpungatan at hindi pa naiintindihan ang nangyayari.

Nakalabas ang lahat maliban sa kanilang kapitbahay na si Jay. Si Jay ay kaklase ng kapatid ni Berting na

nasa kolehiyo na. Minsa'y napapakiusapan ni Berting si Jay na magbantay sa kanyang mga mas batang kapatid kapag kailangan silang maiwan sa bahay.

"Asan na ang anak niyo, ha? Bakit hindi lumalabas?!" sigaw ng isang sundalo sa nanay ni Jay. Hindi na makasagot ang babae dahil sa panginginig sa takot.

Pinasok na ng mga sundalo ang bahay nila Jay. Biglaang tumahimik ang lahat ng taumbaryo--nanonood, kabado.

Wala pang limang minuto ang lumipas nang binasag ng putok ng baril ang katahimikan.

Ayon sa kuya ni Jay--na wala noong gabing iyon dahil hindi pa nakakauwi mula sa trabaho sa Batangas--hindi raw nakalabas ang kanyang kapatid dahil hindi nagising ng kanilang nanay mula sa malalim na tulog nito. Kuwento ng nanay nila, lagpas alas-dose na raw kasi nakatulog si Jay dahil tinapos muna ang mga gawaing bahay at nag-aral para sa isang exam bago natulog.

Kinuwento ito ng kuya ni Jay kay Berting sa huling gabi ng burol. Aligaga ang kuya ni Jay noon habang tulala naman ang nanay. Paano ba naman kasi at pinagpilitan ng mga sundalo na pumasok sa bahay nila Jay para raw makiramay at tiyaking magiging ligtas ang pamilyang nagluluksa. Andoon daw sila buong gabi at hanggang kinabukasan sa libing. Magbabantay.

Hindi na rin umalis ang mga sundalo sa sityo pagkatapos. Sila raw ay mananatili muna para sa RCSP.

Pagkalipas ang ilang araw matapos ang libing ni Jay, laman na ng mga bulungan at kuwentuhan hanggang sa karatig na sityo ang pinapakalat na kuwento ng mga sundalo. May napatay raw silang NPA sa sityo nila Berting. Mag-isa raw pero armado at nanlaban kaya pinaputukan na rin nila. Iba-iba ang reaksyon ng mga tao: may mga nagduda, may mga natakot at may mga nagalit.

Sa sityo nila Berting, takot ang iniluwal ng sinapit ni Jay. Ngayon, tuwing magpapalabas ang mga sundalo, halos tumakbo ang mga tao palabas ng kanilang bahay nang bitbit-bitbit ang mga anak nila. Walang naiiwanan na maaaring mapag-initan, mapagbintangan o kaya damputin. O kaya, gaya ni Jay, ang patayin mismo sa loob ng sariling bahay.

"Kuya... wala na po tayong bigas," nag-aalangang paalala ng kapatid ni Berting. May takot na rin ang mga tao sa sityo na bumili sa tindahan kahit pansarili nila. Baka mapagkamalang tumutulong sa NPA. Kahit maghanap ng signal nang may layo sa kanilang mga bahay para makapag-FB o gumawa ng mga assignment ay hindi na rin nila magawa nang basta-basta.

Hindi naman pwedeng hindi lumabas ang mga tao dahil lang sa takot. Kinakailangan din nilang maghanap-buhay. Kaya naman nakikipagsapalaran sila sa araw-araw kahit na nariyan ang banta ng mga nagmamanman na sundalo. Kahit na hindi naman palaging naka-alerto ang mga sundalo, takot pa rin sa kanila ang mga tao. Para nga sa ilan, mas mapanganib ang mga sundalo kapag nakainom na ng gin na kinukuha nila sa mga tindahan nang hindi nagbabayad

Nagbihis lang si Berting bago lumabas upang bumili ng bigas at mga pangangailangan sa bahay. Naggayak na rin siya ng mga gamit para sa pagbebenta ng balot.

Bagamat may takot na lumabas dahil sa mga sundalo, mas nananaig ang galit ni Berting sa mga sundalong walang ibang ginawa kundi maghasik ng teror at karahasan sa lugar nila. Ano bang krimen ang ginawa ng sityo nila at ganito na lamang kung tratuhin sila ng mga sundalo?

"Grabe rin siguro ang takot ng mga sundalo sa totoong mga NPA kaya ibinubunton sa mga sibilyan ang pagngingitngit nila na hindi nila matalo-talo ang kanilang kalaban." Ito ang madalas naiisip ni Berting.

Habang pabalik mula sa tindahan ay may nakasalubong si Berting na lasing na mga sundalo.

"Hoy, ikaw! Sino ka? Saan mo dadalhin 'yan?" bulalas ng isang sundalo habang dinuduro-duro siya.

"Ah... Ser, paninda ko po ito. Bakit ho, bibili ho baga kayo?" sagot niya sa mga sundalo.

Mahigpit niyang hinawakan ang lalagyan ng balot na hawak niya bago lumapit sa mga sundalo na para bang desperadong tindero na gusto silang kulitin upang bumili.

"Sige na, ser, bilhin niyo na itong lahat. Kahapon pa kasi 'tong mga balot at penoy baka masira na. Bibili ho ba kayo?" wari'y pakulit niyang tanong pabalik sa mga sundalo.

"Ay, nako... hindi na, sige na. Doon ka sa iba mameste at magtinda," iwas agad ng sundalo bago naglakad papalayo sa kanya.

Nang masigurado na ni Berting na nakaalis na ang mga pasista, lumuwag ang hawak niya sa mga dalahin bago lumihis mula sa daan.

Sinilip niya rin saglit ang laman ng kaniyang balutan. Sa ilalim ng balot at penoy na iritableng tinanggihan ng mga sundalo, may bigas, mga delata at tuyo para sa mga kasama.

Tumindi man ang pamamasista ng mga mersenaryong sundalo, pansamantala at may hangganan ang takot. Hindi basta-bastang mawawasak ang katapangan ng mga masa na itaguyod ang tunay nilang hukbo na siyang dumidinig sa kanilang hinaing. Tangan ng masa ang lahat ng tinuro ng mga kasama bago pa man pugpugin ng mga kaaway ang kanilang sityo. Dapuan man ng takot, lakas-loob itong iniigpawan ng masa at taas-noo silang humaharap sa mga berdugong sundalong, alam nilang, balang araw ay mapapalayas din sa kanilang lugar.


KOMIKS

PATUNGKAB ng PUGAKANG

SA ISANG KAMPO NG MILITAR NA NAGSASAGAWA NG RSPO SA ISANG BARYO:

NAPAKAINIT NAMAN DITO!























Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph